

ANG LIMANG SISIW

Mayroong limang sisiw.
Sila ay sina Ana, Ara, Abel, Ali at Aniway.
Silang lima ay magkakapatid.

Mahal na mahal sila ng kanilang inahing manok na si Elena.

Palagi silang pinagsasabihan ni Elena na huwag silang mag-aaway. At kung sakaling mamasyal, kailangang hindi sila magkakahiwalay.

Isang araw, nagkasundo ang limang magkakapatid na mamasyal sa sakahan.


Naglalaro sila habang naghahabulan sa sakahan.

Ngunit walang ganang maglaro, ang bunsong si Aniway. Gusto lang niyang mamasyal nang mamasyal sa buong sakahan.

Ilang saglit, may nakita si Aniway na ahas! At sa sobrang takot niya, tumakbo siya nang tumakbo at hindi na niya napansin na nawalay na pala siya sa kanyang mga kapatid.

Nang nakapagdesisyon na ang magkakapatid na





umuwi, doon na nila namalayan na nawawala si Aniway.

Hinanap nila si Aniway ngunit hindi na nila ito nakita. Kaya, umuwi silang apat na malungkot at may halong takot sa kanilang ina kung paano nila ito sasabihin.

Pagdating ng magkakapatid sa bahay, tinawag na sila ng kanilang ina para maghapunan.

Laking gulat ni Elena na hindi na kumpleto ang magkakapatid. Kaya binalikan ng mga sisiw at ni Elena si Aniway sa sakahan. Hinanap kaagad nila si Aniway.

Nakita ni Abel si Aniway na nakatago sa malaking puno at makikita sa mukha ang malalaking takot.

“Ana! Ara! Ali! Ina! nakita ko na si Aniway! sigaw ni Abel”. Nagtatakbuhan ang magkakapatid at si Elena sa lugar kung saan nakasigaw si Abel.

Niyakap nila ito at tinanong kung saan siya napunta at bakit nawalay ito sa kanila. Isinalaysay ni Aniway sa kanyang mga kapatid at sa kanyang ina ang kanyang karanasan.

“Aniway, sa susunod kapag ikaw ay namasyal, siguraduhin mong hindi ka mawawalay sa iyong mga kapatid para hindi malagay ang buhay mo sa peligro”, payo ni inaheng manok.

“Patawarin nyo po ako Ina, hindi na mauulit...” sagot ni Aniway.

At masaya silang kumain ng kanilang haponan nang sabay-sabay.